



IPAGLABAN ANG TINALAGANG HALAGA NG INYONG ARI-ARIAN Pebrero 2016

Ano ang dapat kong gawain kung hindi ako sumasang –ayon sa aking Tinalagang Halaga?

Kadalasan, mayroon kayong dalawang paraan na maaaring gawin para ipaglaban ang inyong tinalagang halaga. Paki basa sa ibaba para sa marami pang impormasyon.

PARA SA PANTAHANANG ARI-ARIAN:

Magsampa ng Impormal na Pagsusuri sa Opisina ng Taga Tasa –Taga Pagtala

Para sa kapakanan ng mga naninirahan, ang aming opisina ay mayroong libreng proseso para sa Impormal na Pagsusuri bawat taon para sa mga pantahanang ari-arian. Ang Pagsusuring Impormal ay maaari lamang sa mga may ari ng bahay para sa isang pamilya, kondominyum na pantahanan, townhouse, tahanan-trabahuhan at unit ng kooperatiba.

Papaano Mag –aaplay?

- 1) Maaari lamang magpunta sa www.sfassessor.org para mag file online o I download ang pormularyo (mayroon sa Kastila, Intsik, at Pilipino).
- 2) Kumplituhan at ibigay ang pormularyo sa Opisina ng Taga Tasa-Taga Pagtala sa pagitan ng Enero 1 at Marso 31.

Ano ang Kasunod na Mangyayari?

- 1) Ang mga Taga tasa sa Opisina ng Taga Tasa-Taga Pagtala ay susuriin ang inyong ari-arian at ang mga sumosupportang impormasyon na ibinigay.
- 2) Ang mga resulta ay makukuha sa inyong bawat taong Abiso ng Tinasang Halaga na ipinadala sa koreo ng Hulyo.
- 3) Kung kayo ay hindi sumasang –ayon sa resulta, maari kayong magsampa ng pormal na apelasyon sa Lupon ng Paghahabol sa Tasa bago Septiyembre 15.

PARA SA LAHAT NG ARI-ARIAN:

Maghain ng Pormal na Apelasyon sa Lupon ng Paghahabol ng Tasa (AAB)

Kayo ay maaring magsampa ng pormal na apelasyon sa Lupon ng Paghahabol ng Tasa (AAB), isang independienteng lupon na hinirang ng Lupon ng Mga Superbisor para pamahalaan ng makatarungan at walang kinikilingang paglilitis ng mga tasa ng ari-arian.

Papaano mag-aaplay?

- 1) Maaari lamang magpunta sa www.sfgov.org/aab para mag file online o I download ang aplikasyon. (Kung kailangan ninyo ang serbisyo ng tagasalin ng wika, sabihin ito sa aplikasyon.)
- 2) Kumpletuhin at ibigay ang pormularyo kasama ang kailangang bayad sap ag file na hindi ibabalik sa inyo ng opisina ng Lupon ng Paghahabol ng Tasa.

Ano Ang Kasunod na Mangyayari?

(Maari lang na tingnan ang maraming impormasyon sa likod)

- 1) Ang Lupon ng Paghahabol ng Tasa ay magtatakda ng petsa at oras ng inyong paglilitis.
- 2) Ang mga miyembro ng Lupon ng Paghahabol ng Tasa ay may pananagutan na makinig sa inyong paliwanag, suriin ang mga dokumento, at tanungin ang nagbabayad ng buwis at ang Opisina ng Taga Tasa-Taga Pagtala habang isinasang alang ang inyong apelasyon.

Importanting Huling Araw o Oras para Mag file ng Mga Pormal na Apelasyon

Maaari kayong mag file ng apelasyon sa mga iba ibang klase ng tasa. Ito ang pangkalahatang kabuuang huling araw o oras na kailangan ng batas ng Estado sa pagpa-file ng pormal na apelasyonI sa tasa sa Lupon ng Paghahabol ng Tasa sa San Francisco:

MGA APELASYON NG BUMABA ANG HALAGA

Kung kayo ay tumanggap ng Abiso sa Halaga ng Tasa (NAV)nuong Hulyo para sa inyong taunang halaga pero hindi kayo sumasang ayon sa halaga. Kung kayo ay naniniwala na ang karaniwang halaga ng inyong ari-arian ay mas mababa sa tinasang halaga na nakasulat sa NAV.

Panahon para Mag file:

Maaari kayong mag file ng apelasyon sa pagitan ng Hulyo 2 at Septiyembre 15.

KARAGDAGAN AT APELASYON SA BINAGONG TASA

Kayo ay nakatanggap ng Abiso ng Karagdagan at/o Binagong Tasa sa koreo. Kayo ay hindi sumasang ayon sa halaga. Kadalasan ito ay mangyayari pagkatapos ninyong bumili ng bagong ari-arian, o natapos ang bagong konstruksiyon o mga ginawa pagkatapos ng sakuna.

Panahon para Mag file: Maaari kayong mag file ng apelasyon sa loob ng 60 araw mula sa pagtanggap ng Babala ng Karagdagan Tasa.

Kung hindi ninyo tinanggap ang Abiso ng Karagdagan Tasa, maaari kayong mag file sa loob ng 60 araw mula sa pagtanggap ng Karagdagan Buwis na Babayaran, pero, ang kasulatan ng panunumpa ng walang katotohanan ay kailangan.

Para sa binagong tasa, maari kayong mag file sa loob ng 60 araw mula sa pagtanggap ng Binagong Tasa na Babayaran, hindi kailangan ang kasulatan ng panunuma ng walang katotohanan.

APELASYON SA MGA SAKUNA

Kayo ay tumanggap ng pansamantalang pagbabawas dahil sa sakuna sa inyong ari-arian. Kayo ay hindi sumasang ayon sa binawas na halaga.

Panahon para Mag file:

Maaari kayong mag file ng apila sa loob ng 6 na buwan mula sa pagtanggap ng babala.

PINAKAMADALAS NG MG TANONG

Sino ang puwedeng mag file ng apila sa Lupon ng Paghahabol sa Tasa?

Ang may ari ng ari-arian o ang asawa ng mag ari, mga magulang, o mga anak, o isang tao na responsible na magbayad ng mga buwis ang maaring mag file ng apelasyon sa paghahabol sa tasa. Ang tao na ito ang magiging Aplikante. Ang aplikasyon ay maari ding i file ng ahenteng may awtorisasyon. Kung ang aplikasyon ay naihain ng ahente – maliban sa abogado na may lisensiya sa California, kailangan ang pormularyo na nagbibigay ng awtorisasyon sa ahente na pinirmahan ng aplikante. Ang pormularyo na ito ay makukuha sa website ng Lupon ng Paghahabol sa Tasa.

Kung ang aking tinasang halaga ay binawasan galing sa proseso ng apelasyon, ang bagong tasa ba ay permanente?

Depende. A) Kung ito ay apelasyon sa Karagdagang Tasa, o ang apelasyon ay batay sa umpisang taon na tasa, ang bagong tasa ay mayroong patuloy na epekto. Alalahanin na ito ay hindi maaaring tumaas ng lampas sa 2% bawat taon batay sa batas ng Estado (Prop 13) hanggang nagbago ang may ari o mayroong bagong konstruksiyon.

B) Kung matagal na kayo ang may ari ng ari-arian pero nag file kayo ng apila dahil sa paniniwala ninyo ang karaniwang halaga ay bumaba sa isang hindi pangkaraniwang taon(katulad ng apila ng "Pagbaba ng Halaga"), kung ganoon nag pagbaba ay pansamantala at tugon lamang sa taon na tinasa na hinahabol (ang tawag duon ay pagbaba galing sa "Prop 8").

Paalala:

Mangyari lamang na alamin na kayo ay may pananagutan pa ring magbayad ng inyong buwis ng ari-arian sa tamang panahon kahit na kayo ay nag file ng apelasyon Ito ang paraan para maiwasan ang dagdag na bayad kung ang bayad ay pagkatapos ng takdang petsa. Kung kayo ay tumanggap ng pagbaba ng halaga sa pamamagitan ng proseso ng apelasyon, ang Opisina ng Taga Ingat-yaman At Kubrador ng Buwis (hiwalay na opisina) ang mag sasauli ng perang ibinayad.


Impormasyon para makipag kontak sa Lupon ng Paghahabol sa Tasa:

Clerk ng Lupon ng Paghahabol sa Tasa
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 405
San Francisco, CA 94102-4698

Tel: 415-554-6778

Website: www.sfgov.org/aab

MGA HAKBANG HABANG ANG PORMAL NA APILA AY NASA PROSESO



Pagtatatuwa: Ang mga impormasyon sa dokumentong ito ay hindi ginawa para sa legal na abiso, pero ginawa para magbigay ng impormasyon sa publiko ng paghahabol sa tasa. Kung kayo ay mayroong mga tanong tungkol sa inyong personal na pananalapi, inirekomenda namin na kumonsulta kayo sa abogado o serpidakong kontador.